# Saint John School
of San Juan, San Ildefonso, Bulacan, Inc.

# THIRD PERIODICAL EXAMINATION
School Year 2021-2022

**Pangalan:** ______________________________________________ **Score:** _____________
**Guro:** **Neslyn D.B Perez** **Grade 5 -** ___________

**I. Punan ang patlang ng tamag pang-angkop. (ng, na, at g)**

1. Nauuna ang pula________ kotse sa karera.
2. May mga bahay________ bato na nakatayo pa sa Vigan.
3. Limandaan_____ piso ang sinukli sa kanya ng kahera.
4. Nasuot mo na ba ang damit _____ regalo ng ninang mo?
5. Si Myra ay takot pumasok sa madilim ______ silid.
6. Ang Qatar ay isa sa mga pinakamayaman________ bansa sa buong mundo.
7. Ang matamis _______ mangga ng Pilipinas ang paborito kong prutas.
8. Masyado_______ matao ang mga mall tuwing malapit na ang Pasko.
9. Dahil sa mataas na lagnat, dinala siya sa pinakamalapit ________ ospital.
10. Napakaganda ng ginto______ singsing ng reyna!
11. May makapal ______ kumot sa loob ng luma______ kabinet.
12. Bumili tayo ng mga sariwa______ gulay mamaya_______ hapon.
13. Sa mahiyain_______ bata ibinigay ang bago________ laruan.
14. Hinuli ng dalawa________ pulis ang lalaki_______ magnanakaw.
15. Masagana_______ ani ang isa sa mga biyaya ng taon_______ nakalipas.
16. Napakarami_______ tao ang nanood ng pelikula ng sikat ________ artista.
17. Ang bata ________ inaantok ay humiga sa malambot _______ unan.
18. T-shirt _______ puti at maong ang karaniwan_______ suot ng mga mag-aaral.
19. Si Tina ay may buhok ________ mahaba at nakasuot ng puti_________ uniporme.
20. Marami________ kanin ang gusto ko kapag masarap ________ ulam ang nakahanda.
21. Bumili ako ng masarap _______ almusal.
22. Nakatulog kaagad si Tatay dahil sa sobra______ pagod sa trabaho.
23. Ang tunay _________ kaibigan at matapat at maunawain.

LIVEWORKSHEETS

24. Dahan-dahan______ naglakad ang bata palabas ng bahay.

25. Mahilig magbasa ______ mga kuwentong bayan ang magkapatid.

26. Kailangan ko _________ matibay na sapatos.

27. Iligpit ______ natin ang mga natirang pagkain sa mesa.

28. Ang matamis ________ tagumpay ay nakamit nila dahil sa pagtitiyaga.

29. Si Benjamin ang ikalawang anak ni Gina____ Garcia.

30. Inayos mo na ba ang telebisyon _______ sira?

**II. Ilagay sa patlang kung ito ay pang-uri o pang-abay. ( 2 puntos)**

31. ___________ Ang lalaking nagnakaw ng bag ay **nagmamadali**.

32. ___________ **Nagmamadaling** lumabas ang lalaking nagnakaw ng bag.

33. ___________ **Nakatutuwang** alalahanin ang bakasyon natin noong isang taon.

34. ___________ Naalala ko ang **nakatutuwang** bakasyon natin noong isang taon.

35. ___________ Siya ay **magalang** habang nakikipag-usap sa mga nakatatanda sa kanya.

36. ___________ Siya ay **magalang** na nakikipag-usap sa mga nakatatanda sa kanya.

37. ___________ **Husto** ang pag-aaral ni Roberto para sa mahabang pagsusulit.

38. ___________ Nag-aral nang **husto** si Roberto para sa mahabang pagsusulit.

39. ___________ Si Nora Aunor ay **sunud-sunod** na pinarangalan ng iba't-ibang organisasyon.

40. ___________ **Sunud-sunod** ang mga parangal na ibinigay ng iba'tibang organisasyon kay Nora Aunor.

41. ___________ Ang tirahan ng mga hayop sa kagubatan ay **mapayapa**.

42. ___________ Ang mga hayop ay **mapayapang** naninirahan sa kagubatan.

43. ___________ Minahal niya nang **wagas** ang kanyang inang-bayan.

44. ___________ Ang pagmamahal niya sa kanyang inang-bayan ay **wagas**.

45. ___________ **Mahigpit** na yinakap ng ina ang kanyang mga anak.

III. Punan ang patlang ng pangatnig na bubuo sa pangungusap.

46. Aling kamiseta ang isusuot mo, ang puti ____________ ang asul?

47. Mahusay gumuhit ____________ magpinta si Tom.

48. Maganda nga ang dalaga ____________ masungit naman siya.

LIVEWORKSHEETS

49. Nais niyang makakuha ng mataas na marka sa pagsusulit ____________ nag-aaral siya gabi-gabi.

50. Mag-iipon ako ng pera ____________ makabili ako ng mga bagong aklat para sa pasukan.

51. Kumakanta ang babae ____________ pinapaliguan niya ang kanyang sanggol.

52. Sasama ako sa inyo manood ng sine ____________ papayagan ako ng aking mga magulang.

53. Gusto ni Ben matutong lumangoy ____________ natatakot siya sa malalakas na alon ng dagat.

54. Maliligo ka na ba ____________ magsisipilyo ka muna?

55. Bibisitahin natin si Lola sa Sabado ____________ ipagdiriwang natin ang kanyang ika-siyamnapu't na kaarawan.

LIVEWORKSHEETS